



Fact Sheet

PAGHAHAYAG NG KITA PARA SA MGA LAYUNIN NG PAGSUORTA SA ANAK

Ang parehong magulang ay may legal na pananagutan sa pinansyal na pagsuporta ng kanilang mga anak pagkatapos maghiwalay o magdiborsyo. May legal na karapatan ang mga bata sa suportang iyon.

Sa ilalim ng [Federal Child Support Guidelines](#)¹ (Mga Pederal na Alituntunin), kailangang magbigay ng mga magulang ng kumpleto at napapanahong impormasyon ng kita upang matiyak na patas ang halaga ng suporta.

Makikita sa Fact Sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa:

- **sino** ang kailangang magbigay ng impormasyon ng kita at **kailan** nila ito kailangang ibigay;
- **anong** impormasyon ng kita ang kailangan nilang ibigay; at
- **ano** ang mangyayari kapag hindi nila naibigay ang impormasyon.

Sino ang kailangang magbigay ng impormasyon ng kita at kailan nila ito kailangang ibigay?

May dalawang uri ng pananagutan sa paghahayag ng kita: inisyal at tuluy-tuloy (patuloy).

1. *Pananagutan sa inisyal na paghahayag*

Upang malaman ang halaga ng inisyal na suporta sa anak, iniaatas ng Mga Pederal na Alituntunin na magbibigay ang isa o parehong magulang ng kanilang kumpletong impormasyon ng kita sa loob ng nakalipas na tatlong taon ng buwis.²

¹ Ipinapatupad ng lahat ng probinsya at teritoryo ang mga alituntunin sa pagsuporta sa anak na katulad na katulad ng Mga Pederal na Alituntunin (maliban sa Quebec kung saan nagpapatupad ng ibang pamamaraan ng pagsuporta sa anak), ngunit maaaring may ilang pagkakaiba. Makikita ang impormasyon tungkol sa mga alituntuning ito sa mga webite na <http://www.justice.gc.ca/eng/fl-df/pt-tp/>. Ang mga pangyayari sa sitwasyon ng isang tao ang magiging batayan kung aling mga alituntunin ang ilalapat.

² Kung hindi nalalapat ang Mga Pederal na Alituntunin, sumangguni sa mga kinakailangan sa paghahayag ng kita sa ilalim ng mga naaangkop na alituntuning pamprobinsya o panteritoryo para sa higit pang impormasyon.

Kakailanganin ng **parehong magulang na** ibigay ang kanilang impormasyon ng kita kung:

- may [split](#) o [shared custody](#) arrangement;
- may [mga espesyal o hindi pangkaraniwang gastusin](#);
- may [claim of undue hardship](#);
- may anak na nasa o lampas sa [edad ng pagiging nasa hustong gulang](#) at naiiba ang pagkalkula sa suporta sa anak kumpara sa pagkalkula kapag wala pa sa hustong gulang ang bata;
- kumikita ang nagbabayad na magulang ng mahigit \$150,000 kada taon;
- [tumatayong magulang](#) ang parehong panig sa anak ng kanilang asawa o kapareha (halimbawa, isang step-parent).

Kung wala sa mga sitwasyong ito ang nalalapat, ang magulang lang na magbabayad sa halaga ng suporta sa anak ang kailangang magbigay ng kaniyang impormasyon ng kita (halimbawa, kung isa sa mga magulang ang may solong kustodiya).

2. *Pananagutan sa tuluy-tuloy na paghahayag pagkatapos mapagpasyahan ang kautusan o kasunduan sa suporta sa anak*

Upang matiyak na makakatanggap ng patas na suporta ang mga anak na nakabatay sa napapanahong impormasyon ng kita, may obligasyon ang mga magulang na patuloy na magbigay ng impormasyon ng kita pagkatapos mapagpasyahan ang kautusan o kasunduan sa suporta sa anak. Nagmula ang legal na obligasyong ito sa batas, mga desisyon ng hukom, at/o mga serbisyong pang-administratibo (halimbawa, serbisyo ng muling pagkalkula³):

- **Mga Pederal na Alituntunin:** Nakasaad sa Mga Pederal na Alituntunin na kailangang magbigay ng bagong impormasyon ng kita ng mga magulang na magbibigay ng impormasyon ng kanilang kita upang maitaguyod ang suporta sa anak nang hindi lalampas sa isang beses kada taon kung makakatanggap sila ng nakasulat na kahilingan mula sa isa pang magulang. Nangangahulugan ito na may karapatan ang magulang na nagpadala ng kahilingan para sa bagong impormasyon ng kita sa impormasyong iyon at na kailangang ibigay ito ng isa pang magulang.
- **Mga pagbabago sa kita:** Iniuutos ng Supreme Court ng Canada na dapat magbayad ng suporta sa anak ang mga magulang batay sa kanilang pinakabagong impormasyon ng kita.⁴ Kung kaya, inaabisuhan dapat palagi ng mga magulang ang isa't isa tungkol sa mga pagbabago sa kanilang kita.

³ Ang mga serbisyo ng muling pagkalkula ay mga serbisyong pamprobinsya o panteritoryo na maaaring magsaayos ng suporta sa bata batay sa bagong impormasyon ng kita. Ang [Inventory of Government-Based Family Justice Services](#) sa website ng Department of Justice Canada ay may impormasyon tungkol sa kung saan makakakuha ng mga serbisyo ng muling pagkalkula at kung sino ang makakagamit ng mga serbisyong iyon.

⁴ *D.B.S. v. S.R.G.; L.J.W. v. T.A.R.; Henry v. Henry; Hiemstra v. Hiemstra*, [2006] 2 S.C.R. 231, 2006 SCC 37.

- **Kautusan o kasunduan:** Maaaring mag-atas ang isang kautusan o kasunduan sa suporta sa anak sa isang magulang na magbigay ng impormasyon ng kita sa isa pang magulang sa mga tinukoy na panahon o partikular na sitwasyon.
- **Serbisyo ng muling pagkalkula:** Maaari ding atasan ang mga magulang na magbigay ng kanilang impormasyon ng kita kung nakarehistro ang kanilang kautusan o kasunduan sa suporta sa anak sa isang “serbisyo ng muling pagkalkula”.

Anong uri ng impormasyon ng kita ang kailangang ibigay ng mga magulang?

Ang kumpleto at napapanahong impormasyon ng kita ay **dapat** ibigay at dapat magsaad ng:

- mga income tax return para sa bawat isa sa tatlong pinakabagong taon ng buwis; at
- mga abiso ng pagtatasa at muling pagtatasa mula sa [Canada Revenue Agency](#) para sa bawat isa sa tatlong pinakabagong taon ng buwis.

Maaaring kailanganin din ng magulang na magbahagi ng iba pang impormasyon ng kita, gaya ng:

- pinakabagong pahayag ng mga kita o pay slip, o liham mula sa kanilang employer na nagsasaad ng kanilang sweldo o mga sahod;
- mga pinansyal na pahayag kung self-employed o namamahala ng korporasyon ang magulang;
- impormasyon tungkol sa kitang natanggap mula sa insurance sa trabaho, bayad sa manggagawa, mga bayad sa may kapansanan, at tulong sa lipunan o publiko.

Paano kung hindi ibigay ng magulang ang impormasyon?

Ayon sa batas, dapat ibigay ng mga magulang ang kanilang kumpleto at napapanahong impormasyon ng kita kapag iniaatas itong gawin. Kung hindi tutuparin ng magulang ang pananagutang iyon, maaaring gawin ng hukom ang sumusunod, halimbawa:

- iutos na ibigay ang kita (kautusan sa paghahayag);
- ipagpalagay na nasa partikular na halaga ang kita ng magulang para sa mga layuning pagsuporta sa anak at magpasya ng kautusan batay sa kitang iyon (magparatang ng kita);
- atasan ang magulang na bayaran ang suporta sa anak na hindi ibinigay mula nang magbago ang kita (kautusang may bisa sa nakaraan o retroactive order);
- iatas sa isang magulang na bayaran ang mga legal na gastusin ng isa pang magulang;
- hatulan ang magulang na sumuway sa hukom, na maaaring magresulta sa mga multa at/o pagkabilanggo.

Ang Mga Pederal na Alituntunin sa Pagsuporta sa Anak: Ang sunud-sunod na paglathala na makikita sa mga page ng Family Law ng website ng Department of

Justice Canada sa <http://www.justice.gc.ca/eng/rp-pr/fl-lf/child-enfant/guide/index.html> ay nagbibigay ng higit pang impormasyon tungkol sa mga isyu sa pagsuporta sa anak.

Alam mo bang ang Justice Canada ay may libre at kapaki-pakinabang na impormasyon tungkol sa diborsyo at paghihiwalay para sa mga nasa hustong gulang at bata? Matuto pa sa maikling video na ito, o bisitahin ang aming website:

Canada.ca/family-law

Disclaimer: Hindi ito legal na teksto at hindi ito nagbibigay ng legal na payo. Dahil maaaring maging kumplikado ang batas sa pamilya, karaniwang pinakamainam na humingi ng payo ang mga indibidwal sa isang abugado sa batas sa pamilya tungkol sa kanilang sitwasyon. Ang mga abugadong ito ang pinakaangkop na makakapagbigay ng legal na payo tungkol sa mga karapatan at pananagutan. Karamihan sa mga pamprobinsya o panteritoryong bar association ay nag-aalok ng [Mga Serbisyo sa Referral ng Abugado](#). Ang ilang abugado ay nagbibigay ng libre o murang inisyal na konsultasyon, o maaaring mapagpasyahan ng mga indibidwal na kumonsulta sa isang abugado nang ilang beses upang matulungan sila sa ilang partikular na aspeto ng kanilang partikular na sitwasyon.